Ang mga resources sa pagtuturo sa SOGIeducation.org ay ginawa ng mga educators mula sa buong probinsiya upang suportahan ang iba pang educators na gumagawa ng inclusive  na mga silid-aralan para sa lahat ng mag-aaral. Ang lahat ng resources ay naaayon sa pag-update ng BC Human Rights Code noong 2016.



## ANG GINAGAWA NAMIN

Ang SOGI 1 2 3 ay namamahagi ng template lesson plans para sa mga guro upang madali nilang maipaliwanag ang isang mensahe ng pagsang-ayon at upang tanggapin ang mga mag-aaral mula sa iba't-ibang mga istruktura ng pamilya, kultura at komunidad ng LGBTQ.

"May mga bata na iba kaysa sa akin o sa aking mga anak. Gusto nilang maging kabilang rin sila. "

- STACEY WAKELIN, MAGULANG MULA LANGLEY

# MAY MGA TANONG ANG KABATAAN.

**Maging mausisa nang magkakasama.**

Bisitahin ang SOGIEDUCATION.ORG

*Nagpapasalamat kami sa pinansiyal na tulong ng Probinsiya ng British Columbia sa pamamagitan ng Ministry of Education.*

*Mga Partners na Tumulong:*

SOGI 1 2 3

BCCPAC BC Confederation of Parent Advisory Councils

ARC FOUNDATION

BRITISH COLUMBIA

# SOGI 1 2 3

ay isang koleksyon ng resources o mapagkukunan ng impormasyong magagamit ng mga guro upang gawing ligtas ang pakiramdam ng lahat ng mag-aaral at na kabilang sila sa kanilang mga silid-aralan.

*"Ang SOGI-inclusive education ay tungkol sa pagtrato nang may respeto sa bawat isa, at upang siguraduhin na ang bawat miyembro ng komunidad sa paaralan ay pinapahalagahan, ligtas at kinakatawan."*

- BCCPAC Board of Directors

[Filipino]


## Ang mga paksa at pag-aaral ng SOGI ay naiiba para sa bawat edad at sa bawat silid-aralan.

Ang lahat ng mga mag-aaral ay dapat mabuhay at matuto batay sa kanilang lubos na kakayahan.

Ang ilang mga mag-aaral ay nahaharap sa mga pisikal na hadlang, habang ang iba ay di-gaanong nakikita.

Ang mga lesson plans tulad ng *4/5 Gender Identity (Identidad ng Kasarian)* ay nagtuturo sa mga bata na walang sinuman ang dapat malimitahan ng mga pag-stereotype, o kutyain dahil sa mga ito.






Para sa lahat ng mga mag-aaral, kung nakikita nila ang kanilang sarili na bahagi ng kanilang silid-aralan, ito'y direktang nakakaapekto sa kanilang pakiramdam na kasali sila.

Ang ilang mga bata ay walang mga ina, at ang ilang mga bata ay may dalawa.

Ang mga lesson plans tulad ng *K/1 Family Diversity (Iba't-ibang uri ng Pamilya)* ay nagtuturo sa mga bata na ang mga pamilya ay may iba't-ibang hugis at sukat.

Ang mga paaralan ay nagtuturo ng tungkol sa iba't-ibang uri ng diskriminasyon tulad ng rasismo, misogyny o pagkapoot sa babae at sexual harassment.

Ang mga lesson plans tulad ng *8/9/10 Ang Bokabularyo ng Katarungang Panlipunan (Social Justice Vocabulary)* ay patuloy na nagpapatibay na ang ating mga salita at pagkilos ay maaaring makasakit sa damdamin ng ibang tao, at gayon din ang di-pagpansin dito.



Ang mga guro ay nasa mahusay na posisyon upang matukoy kung ano ang angkop sa edad para sa kanilang mga silid-aralan. Sa paaralang primarya, maaaring kausapin ng mga guro ang mga mag-aaral tungkol sa mga stereotypes sa pamilya, mga laruan at TV, habang hinihikayat ng mga guro ang mga mag-aaral sa paaralang sekundarya na suriin ang ating mundo kung paano nakakaapekto ang mga pag-stereotype sa ating pakikipag-ugnayan sa mga tao. Ang mga konsepto tungkol sa sekswal na oryentasyon at identidad ng kasarian ay naaayon sa gulang ng mga bata.

ANG LAHAT NG MGA MAG-AARAL AY MATUTUTUHAN ANG PAGRESPETO AT PAGPAPAHALAGA MULA SA MGA LESSONS O ARALIN LABAN SA DISKRIMINASYON.

Ang mga lesson plans tulad ng K-12 *Why "That's So Gay" Is Not Okay* ay hinihikayat ang mga kabataan na huwag magsabi ng mga salitang "so gay" na direktang nakakaapekto sa welcoming na atmosphere ng mga paaralan. Kapag kinikilala natin ang ating mga pagkakaiba, natututo tayong igalang ang isa't isa.